



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-30 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 28 AGOSTO 2000, IKA-9:25 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Sifiel, Jr. - Tagapangulo

Konsehal Jesus S. Dela Cruz

Konsehal Cesar T. Baticos

Konsehal Ramil O. Dimapilis

Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.

Konsehal Eduardo K. Soriano

Konsehal Juan S. Advincula

Konsehal Angeles D. Bautista

Konsehal Mae Arlene M. Talens

Konsehal Eduardo G. Villamin

- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo: Konsehal Randy P. Valencia

- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

PAMBAYANG ORDINANSA BLG. 05

Taong 2000

ORDINANSANG NAGTATAKDA NG KAUKULANG BAYARIN SA
PAGGAMIT NG ROXAS MULTI-PURPOSE GYMNASIUM SA
BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO PARA SA MGA
GAWAING PANGSOSYAL, PANGKULTURA AT
PANGREKREASYON.

IPINAG-UUTOS NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA:

SEKSYON I. Ang Ordinansang ito ay kikilalaning Ordinansang Nagtatakda ng Kaukulang Bayarin sa pampubliko at pribadong gamit ng Roxas Multi-Purpose Gymnasium sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro para sa mga gawaing pangsosyal, pangkultura at pangrekreasyon.

SEKSYON II. Kahulugan ng mga salitang ginamit sa ordinansa:

- a) PANGREKREASYON – mga gawaing tumutukoy sa mga kapaki-pakinabang na pampalipasang oras tulad ng isports at palakasan gaya ng basketball, volleyball, lawn tennis at mga kauri nito.
- b) PANGKULTURA – mga gawaing tungkol sa mga pagtatanghal ng mga pampubliko at pribadong palabas tulad ng konsyerto, patimpalak sa iba't ibang uri ng talento at iba pang mga kauri nito.

officer

- k) PANGSOSYAL – mga gawaing tungkol sa pagtitipon ng mga pampubliko o pribadong grupo ng mga tao, ahensya o asosasyon para sa isang uri ng pagdiriwang o kasayahan.
- d) PUBLIKONG GAMIT – mga okasyong may kinalaman sa pagdiriwang ng mga mahahalagang araw ng bayan at iba't ibang sangay ng pamahalaan, lokal man o nasyonal may bayad man o walang kaukulang bayarin ang mga manonood.
- e) PRIBADONG GAMIT – mga okasyong may kinalaman sa pagdiriwang ng mga mahahalagang araw ng mga pribadong tao, ahensya o mga samahan, may bayad man o walang kaukulang bayarin ang mga manonood.

SEKSYON

- f. maintenance fee - 500
g. housekeeping fee - 500
- III. Pagtatakda ng kaukulang bayarin sa bawat paggamit:

PUBLIKO AT PRIBADONG GAMIT:
KATEGORYA A (Walang Tiket)

- | | | | |
|--------------------|---|---------|-------------------|
| 1. Mayor's Permit | - | P100.00 | 500 |
| 2. Electric Bill | - | 80.00 | bawa't oras - 200 |
| 3. Maintenance Fee | - | 200.00 | bawa't araw 300 |

KATEGORYA B (May Tiket)

- | | | | |
|--------------------|---|---|-------------------|
| 1. Mayor's Permit | - | P100.00 | 2,500 |
| 2. Electric Bill | - | 80.00 | bawa't oras - 200 |
| 3. Maintenance Fee | - | 200.00 | bawa't araw 300 |
| 4. Amusement Tax | - | Base sa komputasyon ng Municipal Treasurer's Office | |

SEKSYON IV. ALITUNTUNIN SA PAGGAMIT NG ROXAS MULTI-PURPOSE GYMNASIUM:

- a) Ibigay ang sulat-aplikasyon sa tanggapan ng Punong Bayan na nakasaad ang oras, araw at dahilan ng paggamit.
- b) Magbayad ng mga kaukulang bayarin sa Tanggapan ng Ingat-yaman. Ipakita ang resibo ng binayaran sa Tanggapan ng Punong Bayan upang makuha ang kaukulang permit sa paggamit ng Roxas Multi-Purpose Gymnasium.
- k) Bibigyan ng prayoridad sa paggamit ng Roxas Multi-Purpose Gymnasium ang unang nagsumite ng aplikasyon. Hindi pinahihintulutan ang reserbasyon kung walang aplikasyon sa Tanggapan ng Punong Bayan.
- d) Ang anumang sakuna, kaguluhan o di-kanais-nais na pangyayari sa loob ng Roxas Multi-Purpose Gymnasium ay hindi pananagutan ng pamahalaang bayan ng Roxas. Ang kasiguruhan ng kaligtasan ng mga manonood ay pangunahing responsibilidad ng mga gumagamit nito.
- e) Ipinagbabawal ang pagdadala ng mga patalim, baril at mga kauri nito sa loob ng Roxas Multi-Purpose Gymnasium.
- g) Ang tindahan ng mga pagkain o kantina ay nasa ilalim ng pangangalaga ng nagrenta ng Roxas Multi-Purpose Gymnasium sa oras ng okasyon.
- h) Ang pagsasaayos ng bulwagan at mga dekorasyon ay gawain ng nag-renta subali't matapos ang okasyon ay ibabalik sa dating ayos ang bulwagan at

[Signature]

[Signature]

[Signature]

entablado na walang maiiwang bagay na makakasagabal sa operasyon ng Roxas Multi-Purpose Gymnasium. Pananatilihin ang kalinisan nito.

- i) Ang mga upuan, generator at iba pang mga gamit o pasilidad ay responsibilidad na ng gagamit o ng magrerenta.
- l) Ipinagbabawal ang paglalagay ng mga amplifier at iba pang mga kauri nito na nakaharap sa Gusaling Bayan at Bulwagang Pangkatarungan sa panahong may pagdinig ng mga kaso o kung mayroong sesyon ang Sangguniang Bayan.

SEKSYON V. PENALIDAD:


Ang sinumang lumabag sa itinadhana ng kautusang ito ay magmumulta ng hindi lalampas sa halagang **dalawang libo at limandaang piso (P2,500.00)** o pagkakakulong ng hindi lalampas sa mahigit na anim na buwan o ang dalawang kaparusahang ito base sa kautusan ng Korte.

SEKSYON VI. PAGKAKABISA - Ang ordinansang ito ay magkakabisa matapos pagtibayin.


Sa mungkahi ni Konsehal Ramil O. Dimapilis na sinang-ayunan ng lahat, ang ordinansang ito ay pinagtibay.

Pinagtibay : 28 Agosto 2000


PINATUTUNAYAN KO ang kawastuan ng ordinansang ito.


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

Recd:

Enclosures 8/1/2k

Recd
merz/ 9/1/2k